



FY2024		Patnubay sa Aplikasyon sa Iskolarsip	
	Pamublikong Interes na Inkorporadong Pundasyon		
	Oosakafu Ikueikai 6-20 Amijima-cho, Miyakojima-ku, Osaka 534-0026 Osaka Shigaku Kaikan 2F Oras ng Opis 9:00 n.u. - 5:30 n.g. sa araw ng mga linggo Mangyaring bisitahin ang aming website >> Oosakafu Ikueikai		
		Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan	
		Dibisyon sa Pautang na Iskolarsip	
TEL	06 - 6357 - 6272		
FAX	06 - 6358 - 3053		
		(Tandaan) Pakisuyong tiyakin na idayal ang tamang numero ng telepono.	

(Tandaan) Ang mga nakatakdang tumanggap ng nakareserbang pautang na iskolarsip para sa taong 2024 akademya at nagsumite ng Paunawa ng Pagtanggap sa Paaralan at Sertipiko ng Pautang na Iskolarsip sa kanilang paaralan ay itinuturing na tumanggap ng iskolarsip para sa taong 2024 akademya. Samakatuwid, hindi na nila kailangang mag-aplay para sa pangangalap ng iskolarsip na ito. Higit pa rito, ang mga nakatanggap na ng pautang na iskolarsip ay hindi na kailangang mag-aplay.

1 Balangkas ng Programa

Ang programang ito ay dinisenyo para sa mga estudyanteng naka-enrol sa mataas na paaralan o sa ibang institusyong pang-edukasyon sa ilalim ng Batas ng Edukasyon sa Paaralan na may malakas na pang-akademikong landas ngunit napapaharap sa kahirapan sa pinansiyal para ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral. Ang layunin ng programa ay para makapaglaan sa kanila ng pautang para masuportahan ang kanilang edukasyon.

Ang Iskolarsip mula sa Oosakafu Ikueikai (Prepekturang Iskolarsip na Pundasyon ng Osaka) ay walang interes.

2 Mga Kuwalipikasyon ng Aplikante

- Ang aplikante ay dapat na estudyanteng naka-enrol sa mga sumusunod na paaralan sa ilalim ng Batas ng Edukasyon sa Paaralan.
 - Mga haiskul (kasama ang huling termino ng mga paaralang sekundaryong edukasyon at ang seksyon ng mataas na paaralan na mga paaralang may espesyal na pangangailangan) at mga kolehiyo ng teknolohiya
 - Mataas na sekundaryong kurso at sa mga paaralang may espesyal na pagsasanay (gayunpaman, para lamang ito sa mga kursong may pinakamababang panahon ng pag-aaral na isang taon)
- Ang tagapag-alaga ng aplikante (tulad ng tatay o nanay) ay dapat manirahan sa loob ng Prepektura ng Osaka

*Tungkol sa mga magulang o mga tagapag-alaga

Dahil sa mga pagbabago ng Kowd sa Sibil, ang edad ng karampatang gulang ay ibinaba sa 18 taong gulang mula Abril 1, 2022

Kung sakaling ang estudyante ay umabot sa edad sa hustong gulang, pakisuyong bigyang kahulugan ang “tagapag-alaga” bilang “ang taong naging tagapag-alaga ng estudyante (magulang, atbp.) bago ang araw na ang estudyante ay maging adulto.” (Nalalapat ito sa lahat ng mga dokumentong nauugnay sa aplikasyon.)

(Tandaan) Ang “tagapag-alaga” ay tumutukoy sa taong nagpapakita ng awtoridad ng magulang o nagsisilbing legal na tagapag-alaga para sa isang menor-de-edad sa ilalim ng Kowd ng Sibil. Sa mga kaso kung saan walang tagapag-alaga, ang termino ay tumutukoy sa isang taong sumusuporta sa kabuhayan ng estudyante at sumasagot sa gastos sa kanilang pag-aaral.

(Tandaan) Ang mga dayuhang tagapag-alaga ng mga estudyante ay dapat magkaroon ng mga sumusunod na katayuan sa paninirahan para sa kanilang aplikasyon.

[Katayuan ng Residente]

- Permanenteng Residente
- Asawa ng Mamamayang Hapones, atbp.
- Asawa ng permanenteng Residente, atbp.
- Pangmatagalang Residente (*)

(*) Ang mga pangmatagalang residente ay hindi karapat-dapat na mag-aplay maliban kung nilayon nilang manirahan nang permanente sa Japan sa hinaharap.

3. Para sa mga tagapag-alaga, ang halaga ng pagtataya ng kita na kinalkula gamit ang sumusunod na pormula ay dapat matugunan ang tinukoy na pamantayan:

(*Ang pinagsamang halaga ng kita ng tagapag-alaga batay sa 2023 Pamahayang buwis batay sa halaga)

[Pormula]

Halaga ng batayan ng buwis sa kita ng munisipyo \times 6% - Pagbawas sa pagsasaayos ng buwis sa kita ng munisipyo = Halaga ng Pagtataya ng Kita

* Kung ang tagapag-alaga ay nagbabayad ng buwis ng munisipyo sa isang lungsod na itinalaga ng pamahalaan, ang halaga ng pagbabawas sa pagsasaayos ay pararamihin ng 3/4.

* Para sa mga ipinanganak sa naunang bahagi ng taon at tumatanggap ng bawas sa pagtulong makalipas ang isang taon kaysa sa kanilang mga kaedad sa parehong grado, ang pagkalkula para sa alinmang tagapag-alaga ay dapat na (Halaga ng batayan ng buwis - 330,000 yen) \times 6% - Pagbawas sa pagsasaayos ng buwis sa kita ng munisipyo. (Ang isang estudyante na ipinanganak sa pagitan ng Enero 2, 2007 at Abril 1, 2007 at sinusuportahan ng alinman sa isa sa mga tagapag-alaga ay karapat-dapat.)

(* Sumangguni sa likod ng Papel A ng Aplikasyon para sa mga tagubilin sa pagkumpirma ng halaga ng batayan ng buwis at halaga ng pagbabawas sa pagsasaayos.)

Pagpasok sa Paaralan	Halaga ng Pagtataya sa Kita	Pamantayan sa Taunang kita (*)
Publiko	Mas mababa sa ¥251,100	Mas mababa sa ¥8,000,000
Pribado	Mas mababa sa ¥347,100	Mas mababa sa ¥10,000,000

(*) Ang taunang pamantayan ng kita ay tumutukoy sa sitwasyon kung alinman sa mga tagapag-alaga ay nagtatrabaho, at ang pamilya ay binubuo ng apat na miyembro, kabilang ang dalawang bata (isang may edad na 16 hanggang wala pang 19 at isa na wala pa sa 16 taong gulang).

- *1. Para sa mga nasa ilalim ng mga kategoryang tinukoy sa Artikulo 295, Parapo 1 ng Batas sa Buwis ng Lokal o sa mga hindi maaaring sumailalim sa buwis ng munisipyo sa kita ayon sa Parapo 4 Artikulo 3-3 ng mga Karagdagang Probisyon ng parehong Batas, ang halagang kinalkula batay sa pormula ay itinuturing na sero.
- *2. Ang halaga ng batayan ng buwis ay tumutukoy sa halagang ginamit bilang batayan para sa pagkalkula ng bahagi ng buwis sa munisipyo at prepektural na mga buwis.
- *3. Ang Pagbawas sa Pagsasaayos ay tumutukoy sa pagbawas na ginawa upang ayusin ang pasanin na nagmumula sa pagkakaiba sa pagitan ng indibidwal na buwis sa munisipyo at mga personal na pagbawas dahil sa paglilipat ng kita ng buwis mula sa pambansang pamahalaan tungo sa mga lokal na pamahalaan noong 2007.
- *4. Ang halaga ng batayan ng buwis at iba pang impormasyon ay maaari ding suriin sa pamamagitan ng online sa serbisyong Mynaportal na pinamamahalaan ng gobyerno.

Limitasyon ng pautang

Pagpasok sa Paaralan	Halaga ng pagtataya ng kita	Pamantayan sa Taunang kita	Limitasyon ng pautang (Taunan) [Nais na halaga sa loob ng sumusunod na hanay (sa mga yunit na 10,000 yen)]
Publiko Pribado	Mas mababa sa ¥251,100	Mas mababa sa ¥8,000,000	Ang kasama sa aktwal na matrikula sa (*1) ay + 100,000 yen para sa iba pang gastusin sa edukasyon (Ang limitasyon ay 100,000 yen kung ang kasama sa aktwal na matrikula sa (*1) ay wala.)
Pribado	251,100 yen o higit Mas mababa sa ¥347,100	8,000,000 yen o higit Mas mababa sa ¥10,000,000	Ang kasama sa aktwal na matrikula sa (*1) (Tandaan) Hanggang sa 240,000 yen (*2)

(*1) Ang kasama sa aktwal na matrikula ay tumutukoy sa tubong pasanin sa matrikula pagkatapos ibawas ang pinansyal na tulong ng pamahalaan para sa pagpasok sa paaralan, ang suportang tulong na salapi ng Prepektura ng Osaka, at anumang mga espisipikong pagbawas o pagbubukod sa matrikula ng paaralan mula sa taunang halaga ng matrikula para sa bawat paaralan.

(*2) Kung ang kasama sa aktwal na matrikula ay mas mababa sa 240,000 yen, ang halagang iyan ay magiging pinakamataas na limitasyon. Ang sambahayan na sumusuporta sa dalawa o higit pang mga bata, kasama na ang estudyanteng nag-aaral sa pribadong mataas na paaralan sa prepektura, ay maaaring magkaroon ng pagtaya sa halaga ng kita (pinagsamang kita ng tagapag-alaga) na 251,100 yen o higit pa. Kung ang estudyante ay nakatanggap ng suportang tulong na salapi sa Prepektura ng Osaka sa kasong iyan, maaaring mag-iba ang limitasyon ng pautang, o ang aplikante ay maaaring maging hindi karapat-dapat. (Tingnan ang Apendise para sa mga detalye)

(*3) Maaaring may kaso kung saan ang estudyante ay naka-enrol sa paaralang nagtataguyod sa pagsuporta para sa mga estudyante sa mataas na paaralan ng Prepektura ng Osaka. Sa kasong iyan, ang halaga ng pautang ay kakalkulahin base sa isang nakadependeng bata hanggang sa makumpirma ang bilang ng mga nakadependeng mga bata sa pamamagitan ng pagsusuri sa katayuan ng aplikasyon sa matrikula sa suportang tulong na salapi.
Bilang resulta, ang pag-utang sa utang sa bangko maaaring mangyari. Ang sobrang halaga ng utang ay dapat na ibalik.

• Panahon ng Pautang

Panahon ng Pautang	Unang beses	Ikalawang beses	Ikatlong beses
Petsa ng Pag-utang	Hulyo 10	Oktubre 11	Enero 30

* Ang ikalawa at ikatlong pag-utang ay maaaring makuha depende sa halaga ng utang. (Para sa mga pag-utang na 200,000 yen o mas mababa, ang unang pag-utang lang ang maibibigay.)

* Mula sa ikalawang taon, ang unang petsa ng paglipat ay sa Mayo 30.

* Gayunpaman, kung ito ay tumapat sa araw na walang negosyo sa institusyong pampinansiyal, ang pag-utang ay gagawin sa susunod na araw ng negosyo.

Ang panahon ng pag-utang ay ang pinakamababang kinakailangang panahon ng pag-aaral sa paaralan kung saan naka-enrol.

Kinakailangang mga dokumento	<p>① Papel na Aplikasyon para sa Iskolarsip</p> <p>② Katibayan ng kita ng tagapag-alaga (Pakisuyong sumangguni sa mga halimbawa na nasa likurang bahagi ng Papel C na Aplikasyon at Papel A na Aplikasyon bago isumite ang mga papel.)</p> <p>③ Sertipiko ng paninirahan para sa estudyante at ng tagapag-alaga (Pakisuyong suriin ang talaan, “[Mahalaga] Mga Talaan ng Pagsusumiteng Sertipiko ng Paninirahan” sa likurang bahagi ng Papel C na Aplikasyon bago isumite ang papel.)</p> <p>④ Kopya ng passbook o kard ng pera ng estudyante, atbp. (Pakisuyong sumangguni sa Papel B ng Aplikasyon at ang halimbawa na nasa likurang bahagi nito bago isumite ang papel.)</p> <p>⑤ Pangkong talaan sa pautang na iskolarsip * Bawat indibidwal ay dapat maglagda at itatak ang kanilang selyo. * Ang aplikasyon ay hindi tatanggapin kung ang nanghihiram (ang estudyante), ang pinagsamang taga-garantiya, at ang tagapag-alaga ay parehong sulat-kamay. * Kung ang sinumang pumirma ay may kapansanan, karamdaman, pinsala o iba pang kalagayan ng pagiging hirap sa pagpirma para sa kanila, dapat magsumite ng pahayag sa kalagayan.</p> <p>⑥ Sertipiko ng pagpaparehistro ng selyo ng magkasamang taga-garantiya (tagapag-alaga) (Dapat na orihinal at naisyuhan sa loob ng tatlong buwan ng pagsusumite sa institusyong ito (Prepekturang Iskolarsip na Pundasyon ng Osaka) * Kung ang adres sa papel ng aplikasyon ay naiiba sa adres sa sertipiko ng pagpaparehistro ng selyo, dapat magsumite ng pahayag sa kalagayan.</p> <p>* Ang hindi kompleto o maling mga dokumento ay hindi tatanggapin! * Kung ang mga adres sa papel ng aplikasyon ay naiiba sa adres sa sertipiko ng paninirahan, dapat magsumite ng pahayag sa kalagayan.</p>
Panahon ng Paghahain	Ang nakatakdang petsa ay tinukoy ng paaralan (tiyaking sundin ang huling araw o oras) [Huling araw o oras sa pagsusumite ng Paaralan (Buwan at Petsa)]
Kung saan isusumite	Ang mataas na paaralan, etc., kung saan naka-enrol ang aplikante

5

Pagpapaunawa sa pagtanggap/pagtanggi

1. Ang aplikante (ang estudyante) ay aabisuhan ng desisyon sa pagtanggap o pagtanggi sa pamamagitan ng punong-guro ng paaralan sa huling bahagi ng Hunyo.
2. Ang mga nakatanggap ng liham ng pagtanggap ay dapat punan at isumite sa paaralan ang Orihinal na Papel ng Estudyanteng Iskolarsip (naisyuhan sa oras ng pagpapaunawa ng pagtanggap) ayon sa itinakda ng institusyong ito.

6

Iskolarsip na pautang

1. Ang mga pondo ng Iskolarsip ay ililipat sa akaun na ipon ng iskolar.
2. Mula sa ikalawang taon, ang pagiging karapat-dapat bilang tagatanggap ng iskolarsip ay mapapatunayan ng paaralan sa Abril sa bawat taon.
Sa pagkumpirma, ang mga pondo ng iskolarsip ay maaaring masuspinde o mahinto.
3. Bawat taon ng pananalapi, ang katayuan ng kita ng tagapag-alaga ay sinusuri upang matukoy ang pinakamataas na halaga ng pautang para sa kasalukuyang taon ng pananalapi.
Sa pagkumpirma, ang mga pondo ng iskolarsip ay maaaring masuspinde o mahinto.
Bilang karagdagan, kung ang pagsusuri sa katayuan ng kita ay magresulta sa labis na utang, ang utang ay dapat ibalik.
4. Kung ang estudyante ay napatunayang delingkwente sa pagbabayad ng matrikula o paggamit ng mga pondo ng iskolarsip para sa iba pang mga layunin, ang mga pondo ng iskolarsip ay maaaring masuspendi o mahinto.

7

Pagpapaunawa pagkatapos ng desisyon sa pautang

Kung ang estudyante ay nakaranas ng pagpapanatili, pamamahinga, pag-alis, paglipat, pagpapalit ng magkasamang taga-garantiya, o anumang pagbabago sa naabisuhan na impormasyon, pakisuyong ipaalam sa Prepekturang Iskolarsip na Pundasyon ng Osaka sa pamamagitan ng paaralan.

Ang hindi pag-abiso sa institusyong ito ng anumang mga pagbabago (paglipat) ay maaaring magresulta sa pagsususpendi o paghinto sa iskolarsip na pautang.

8

Abiso ng kabuuang halaga ng pautang

Para sa tatanggap ng iskolarsip na pautang, kapag natapos na o hindi na ipinagpatuloy ang iskolarsip na pautang, aabisuhan ang tatanggap ng kabuuang halaga ng pautang at ang panahon ng pautang sa pamamagitan ng punong-guro ng paaralan.

Sa pagtanggap ng abiso, ang estudyante ay dapat na agad magsumite ng papel na aplikasyon para sa pagbabalik ng akaun sa Prepekturang Iskolarsip na Pundasyon ng Osaka sa pamamagitan punong-guro ng paaralan.

9

Pagbabayad ng mga pondo sa Iskolarsip

Ang iskolarsip ay pautang. Dapat bayaran ang utang pagkatapos ng pagtatapos (kapag tapos na ang panahon ng pag-utang).

Tiyaking bayaran ang utang, dahil ang ibinalik na pondo ay gagamitin upang magbigay ng mga iskolarsip para sa mga estudyante sa hinaharap.

1. Ang pagbabayad ng mga pondo ng iskolarsip ay magsisimula anim na buwan pagkatapos ng pagtatapos ng estudyante, at ang tinukoy na halaga ay dapat na ilipat mula sa humiram (ang estudyante) sa kanyang akaun na ipon.
 - * Maaaring wakasan ang utang para sa mga kadahilanan maliban sa pagtatapos sa pamamagitan ng pagsusumite ng abiso ng pag-alis o iba pang pagbabago ng katayuan sa pagitan ng Enero 1 at Mayo 31. Sa kasong iyon, ang pagbabayad ay magsisimula sa Oktubre sa kaparehong taon. Kung ang utang ay winakasan sa Hunyo 1 o mas huli, ang pagbabayad ay magsisimula sa Oktubre sa susunod na taon.
2. Sa prinsipyo, ang utang ay dapat bayaran ng buwanang hulugan. Ang halaga ng buwanang bayad ay depende sa kabuuang halaga ng pinjaman.
Ang paghahati-hati sa kabuuang halaga ng pagbabayad sa taunang halaga ay nasa tinatayang bilang ng mga taon para sa pagbabayad.

Kabuuang Pagbabayad (Kabuuang utang)	Buwanang pagbabayad	Taunang pagbabayad
1,440,000 yen o mas mababa	8,000 yen	96,000 yen
Mas mahigit sa 1,440,000 yen □ 1,620,000 yen o mas mababa	9,000 yen	108,000 yen
Mas mahigit sa 1,620,000 yen □ 1,800,000 yen o mas mababa	10,000 yen	120,000 yen
Pagkatapos nito, ang karagdagang 1,000 yen bawat buwan (12,000 yen kada taon) ay idadagdag para sa bawat karagdagang 180,000 yen na halaga ng utang.		

3. Kung magiging mahirap ang pagbabayad ng utang gaya ng ipinangako dahil sa pinansiyal o iba pang kadahilanan, pakisuyong makipag-ugnayan sa Prepekturang Iskolarsip na Pundasyon ng Osaka. Kung magpapatuloy ang delingkwente nang walang komunikasyon, ang singil sa delingkwente na 8.9% kada taon ay ipapataw sa lampas sa taning na halaga, depende sa tagal ng delingkwente. Kung ang tatanggap ay may mga pinansiyal na mapagkukunan upang bayaran ang utang ngunit nabigong gawin ito, ang institusyong ito ay maaaring walang pagpipilian kundi ang gumawa ng mga legal na hakbang, tulad ng sapilitang pagpapatupad.

10**Layunin ng paggamit ng personal na impormasyon, atbp.**

1. Sa paghawak ng personal na impormasyon, gagawa kami ng kinakailangang hakbang upang matiyak ang maingat at naaangkop na pamamahala upang maprotektahan ang karapatan ng indibidwal at mga interes at maglaan ng wastong pangangasiwa.
2. Ang personal na impormasyon tulad ng pangalan ng tatanggap, adres, sertipiko ng pagpaparehistro ng magkasamang taga-garantiya, katayuan ng kita, akaun na ipon, at pangalan ng akaun ay gagamitin para sa pagpili ng iskolarsip, paglipat ng pondo, at pangangasiwa ng pagbabayad.
3. Maaaring mabigo ang nanghihiram na iulat ang mga pagbabago sa kanilang adres o ng pinagsamang taga-garantiya sa panahon ng pagbabayad, na maging imposibleng magpadala ng mga abiso sa pagsingil. Sa kasong iyon, hihiling ang institusyong ito ng sertipiko ng paninirahan mula sa lokal na munisipyo ng Prepektura ng Osaka at magsasagawa ng pagsisiyasat sa pagpapatunay ng adres.

11**Mga pag-iingat**

1. Kung matuklasan na nagkaroon ng maling aplikasyon o anumang maling representasyon pagkatapos makagawa ng desisyon sa iskolarsip na pag-utang, maaaring bawiin ang desisyon sa pag-utang.
2. Kung matuklasan na ang utang ay ginamit sa hindi wasto, ang buong halaga ay dapat bayaran sa isang kabuuan.
3. Pakisuyong tandaan na ang dokumento ng aplikasyon ay hindi ibabalik sa anumang sitwasyon.
4. Kng mayroong anumang mga pagbabago sa sistema ng pagsuporta sa pondo ng paaralan o mga katulad na programa, ang programang ito ng iskolarsip na pautang ay maaari ding magbago nang naayon.

★★★ Pakisuyong bisitahin ang website ng Prepekturang Iskolarsip na Pundasyon ng Osaka para sa mga anunsyo at pinakabagong impormasyon. ★★★

★ Ipinakilala namin ang isang sistema ng pagsuporta sa pagbabayad ng iskolarsip (kinatawang sistema ng pagbabayad)!!

Para sa pangkalahatang-ideya ng sistema, pakisuyong bisitahin ang website ng

